



WOMEN'S INTERNATIONAL NETWORK
RÉSEAU INTERNATIONAL DE FEMMES
RED INTERNACIONAL DE MUJERES

AMARC
WIN

AMARC
WIN



Gender Policy para sa Pampamayana ng Radyo

Ika-8 ng Marso 2008





Panimula

Ang pagkapantay-pantay ng mga kababaihan at kalalakihan at ang kahalagahan ng tungkulin ng mga kababaihan sa bawat pantaong larangan ay kinikilala ng mga internasyonal na instrumento, pambansang saligang batas at lipunan sa buong mundo.

Ang mga karapatan ng tao, anuman ang kasarian, seksualidad, lahi, relihiyon ay kinikilala sa Pandaigdigang Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao (UDHR). Ang mga pamahalaan ay kinikilala rin ang mga karapatan ng mga kababaihan sa ilalim ng Kumbensyon para sa Eliminasyon ng Lahat ng Uri ng Diskriminasyon Laban sa Kababaihan (CEDAW). Ayon sa kumbensyon, ang mga pamahalaan ay may tungkuling magpatupad ng mga programa na magsasabuhay ng tatlong pangkalahatang prinsipyo: ang prinsipyo ng pagkapantay-pantay, ang prinsipyo ng kawalan ng diskriminasyon at ang prinsipyo ng pangestadong tungkulin.



Ang tungkulin ng media na ikampanya ang pagkapantay-pantay ng bawat tao ay mahalaga. Ito ay kinikilala sa Seksyon J ng Beijing Platform for Action (BPFA) na inaprubahan noong 1995. Ang bahaging ito ay nagdidin sa aktibong kontribusyon ng mga kababaihan sa media ngunit nababanggit din dito ang pangkalahatang kawalan ng kababaihan sa mga panglideratong posisyon. Tinutukoy nito ang kagyat na pangangailangan ng reporma at inaatasan ang mga pamahalaan na magpatupad ng mga hakbang gaya ng training, pananaliksik at promosyon tungo sa pagtatalaga ng mga kababaihan sa mga panglideratong posisyon.



Tinutukoy nito ang tungkulin ng media na tumulong sa katuparan ng dalawangistratehiya upang madagdagan ang partisipasyon at kakayanan ng mga kababaihan sa pamamahayag at pagpapasya sa at sa pamamagitan ng media at mga makabagong teknolohiyang pang imporamasyon at komunikasyon (TIK) at sa pagkakampanya ng balanse at di stereotipikal na representasyon ng kababaihan sa media.



Ang mga pampamayanang radyo ay nararapat na instrumento upang maisakatuparan ang mga naising ito. Ang mga TIK at ang internet ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa mga kababaihan na makipagugnayan sa isa't isa. Subalit karamihan ng kababaihan ay nakabase sa mahihirap na bansa, kung saan limitado ang mga pagkakataon na makakuha o makagamit ng mga teknolohiyang pangkomunikasyon. Ang realidad na ito ay dapat isaalang-alang hindi lang mga miyembro ng media, lalo na ng mga taga-pampamayanang radyo, ngunit maging ng mga opisyal sa bawat antas ng lipunan, mula sa lokal na pamahalaan hanggang sa mga pandaigdigang lupon.

Sa kasamaang palad, ang mga proseso ng pagpapasya at paggawa ng mga patakaran ay hindi nabibigyang atensyon ang mga pangangailan ng mga kababaihan. Ito ay nagreresulta sa isang sistemang base o para sa interes ng kalalakihan lamang. Ang situasyong ito ay nagpapalawig ng pangimpormasyong kakulangan sa pagitan ng mga kalalakihan at kababaihan at nagpapasinaya sa negatibong representasyon, komersiyalisasyon at seksuwalisasyon ng katawan ng babae. Ang pampamayanang radyo ay may tungkulin na ipursige ang mga isyung ito sa proseso at larangan ng paggawa ng mga patakaran; ikampanya ang bahagi ng kababaihan sa paggamit ng TIK; at bigyan ng solusyon ang kawalan ng balanseng pulitikal.

Sa buong mundo, ang partisipasyon ng mga kababaihan sa pagpigil at pagresolba ng labanan at prosesong pangkapayapaan ay kinikalala ng United Nations Security Council Resolution 1325. Ang pampamayanang radyo ay may tungkulin na tiyakin ang bisibilidad at partisipasyon ng mga kababaihan sa mga ganitong sitwasyon; at maging instrumento para marinig ang mga tinig ng mga kababaihan sa kapayapaan at sa pagresponde sa mga partikular na pangangailangan ng mga kababaihan at bata sa gitna ng labanan.

Tungkulin ng pampamayanang radyo na tiyakin ang balanseng pagbabalita; ang maayos na representasyon ng mga kababaihan bilang mga aktibong miyembro ng lipunan; ang partisipasyon ng mga kababaihan sa pagpapasya sa istasyon at mga programa nito; ang pagsuporta sa mga kababaihan sa kanilang pagkamit ng kompiyansa at kaalamang teknikal sa paglikha ng impormasyon at pagpapahayag. Ang pampamayanang radyo ay kabilang sa isang progresibong panlipunang pagkilos at dahil dito, nararapat lamang na magtatag at pagtibayin nito ang kanyang pakikipagugnayan sa mga progresibong pagkilos ng mga kababaihan. Tungkulin din ng mga himpilan na itaguyod ang mga prinsipyo at patakarang etikal, kabilang na ang pagbigay respeto sa mga kababaihan at pagtiyak ng pagkapantay-pantay ng mga empleyado. Ang gender policy para sa pampamayanang radyo ay isang instrumento tungo sa pagkapantay-pantay ng mga empleyado base sa kanilang kaakuan at sekswalidad sa mga himpilan. Ito ay nararapat na making bahagi ng mga prinsipyo at patakarang etikal ng mga himpilan.

Seksyon I

Kakayanan ng Kababaihan Mapakinggan sa Ere

Kailangan ng mga kababaihan na maggamit ang ere, partikular na ang pagkakaroon ng kakayanan na maglikha ng kanilang programa hinggil sa mga pulitikal at panlipunang isyu, programang pangaliwan at programang tumatalakay sa kanilang mga suliranin bilang mga babae.

Ang layuning ito ay nangangailangan ng positibong pagkilala sa mga pagsasanay para sa kababaihan; paglikha ng kanilang programa; pagtiyak ng isang mapagsuporta at ligtas na kapaligiran sa loob at paligid ng himpilan. Kabilang dito ang pagtataguyod ng mga patakaran hinggil sa sexual harassment at mekanismo sa pagdulog ng reklamo upang protektahan ang mga kababaihan sa anumang uri ng pang-momolestiya at pang-aabuso. Ang mga kababaihan ay may karapatang magtrabaho nang walang kinatatakutan. Datapwat ang pagkakaroon ng tamang pagsasanay sa seguridad at pansariling pagdepensa; kawalan ng puwang para sa paglabag ng dignidad ng kababaihan; at pagtulong sa mga kababaihan sa mga banta mula sa loob at labas ng himpilan ay bahagi ng pagpapaubaya sa mga kababaihan ang paggamit ang ere.

Dahil sa kultura, minsan ay nahihirapang makapagpahayag ang mga kababaihan sa ere lalo na kapag ito ay nangagahulugan ng paglalakbay mag-isa o sa kalaliman ng gabi. Kailangang matiyak na makaraos ang mga kababaihan sa mga limitasyong ito sa pamamagitan ng panlansangang himpilan ng radyo; at pagbibigay ng panggastos at kasama sa paglalakbay. Ang paglalaan ng mga pagsasanay o araw para lang sa kababaihan ay ilang paraan upang itaguyod ang tiwala ng mga kababaihan sa kanilang mga sarili. Hanggat hindi pa naabot ang pagkapantay-pantay ng mga kababaihan at kalalakihan sa radyo, ang mga himpilan ay dapat magtaguyod ng women's desk na siyang pangunahing susuporta sa partisipasyon ng mga kababaihan; magprotekta sa kanila sa anumang uri ng diskriminasyon sa loob ng himpilan at sa ere; mangangampanya sa paglikha ng positibong espasyo para sa pagkapantay-pantay ng mga kababaihan at kalalakihan sa larangan ng partisipasyon.

Seksyon II

Representasyon ng mga Kababaihan sa Ere

Himukin ang representasyon ng mga kababaihan sa kanilang pagkakaiba, at hindi ang pagdidiin ng mga de-kahong pagganap lalo na sa pamilya. Tiyakin na lahat ng tao, anuman ang kaakuhan, lahi, antas, sekswalidad

atbp ay ginagawaran ng respeto sa lahat ng materyal, maging mga patalastas na ihahayag at itatanghal sa ere. Kabilang dito ang pagtiyak na walang tao ang maiinsulto at mababastos sa anumang paraan.

Ang pananaw ng mga kababaihan ay dapat tiyakin sa lahat ng programa. Kailangan din maglaan ng mga programa na para lamang sa kababaihan. Gayon din, ang mga kababaihan mamamahayag ay hindi dapat kinakahon sa mga programang eksklusibo sa mga kababaihan. Kadalasan, ang mga kababaihan ay hindi itinuturing ng media bilang mga pinagkukunan ng impormasyon at opinyon. Ang pagkakaroon ng iba't ibang pinagkukunan ng impormasyon at opinyon – na nangagaling mula sa iba't ibang sektor sa lipunan – ay dapat tiyakin sa paglikha, pagsusuri at pagtalakay ng mga balita. Maaring makatulong ang paggawa ng isang directory na naglalaman ng mga pangalan ng mga kababaihang eksperto sa iba't ibang larangan.

Seksyon III

Mga Partikular na

Pangangailangan ng mga

Kababaihan mula sa Minoridad

Ang pakakaiba ng mga karanasan ng mga kababaihan ay kailangang isaalang-alang. Kailangan din na maglikha ng espasyo para sa mga kababaihang nakaranas ng diskriminasyon, pang-aapi, o pagpapabaya ng pribado at pampublikong media. Kabilang dito ang pagkakaroon ng mga natatanging probisyon para sa mga kababaihang may kapansanan, mula sa minoridad, katutubong grupo, caste at minoridad na sekwalidad gaya ng mga lesbiana at transgender.

Tiyakin na ang mga kababaihan ay makagamit at makapagpahayag sa ere sa kanilang pagkakaiba. Kabilang dito ang paglalaan



priority airtime sa mga minoridad at ang kanilang pagtalakay ng mga isyu sa isang mapagpalaya, ligtas at bukas na kapaligiran.



Ang mga pagsasanay ng mga kababaihan na mula sa mga minoridad na pinanggagalingan at oryestasyon ay maaaring kakaiba. Ang mga pangangailangang ito ay dapat maisasalang-alang sa pagpopondo.

Seksyon IV

Representasyon ng mga Kababaihan sa Lahat ng Antas ng Pangangasiwa ng Himpilan

Ang representasyon ng mga kababaihan sa pampamayanang radyo ay inaasahang mas mainam kaysa sa pribadong radyo at radyo na kontrolado ng pamahalaan. Sa kabila nito, madalang pa rin ang balanseng representasyon ng kababaihan sa liderato ng himpilan at sa mga kawani na may teknikal na kaalaman. Upang maging makabuluhan ang representasyon ng kababaihan sa lahat ng antas at aspeto ng himpilan, kailangang magtakda ng kota sa pag-aari, pangangasiwa at produksiyon, kabilang na ang teknikal na pangangasiwa. Bagaman ang pagkakapantay-pantay ng mga kalalakihan at kababaihan, maaaring magtakda ng kota ng 30% pansamantala. Upang makamit ang mga kota, mahalagang paglaanan ng atensiyon ang pagpapayabong ng kaalaman ng mga kababaihan tungo sa mga kasanayan sa pagkapinuno at pangangasiwa. Ngunit ang partisipasyon ng mga kababaihan ay hindi nasusukat ng kota lamang, bagkus sa lalim at halaga ng kanilang partisipasyon sa mga pulitikal na proseso – na pinasisinayaan ng isang kapaligirang sensitibo sa iba't ibang kultura.



Maraming bagay ang maaring magpasinaya ng partisipasyon ng mga kababaihan. Kabilang dito ang paglalaan ng pasilidad at serbisyo sa pangangalaga ng mga bata; oras ng trabaho na nagsasaalang-alang ng kakaibang pangangailan; oras ng pageere na nakakatulong sa mga kababihang gampanan ang kanilang ibang tungkulin; sapat na ilaw at kaligtasan sa paligid ng himpilan habang nagdadaos ng pulong o pageere ng programa; ligtas na sistemang pangtransportasyon para sa mga kababihang kailangang maglakbay lalo na sa gabi o sa pampublikong okasyon. Hindi bababa sa kalahati ng mga lugar ng pagsasanay ang kailangang ilaan sa mga kababaihan.

Seksyon V

Ang paggamit ng Akmang Teknolohiya

Bagaman may ilang kababihang bihasa sa paggamit ng TIK, nanatili pa rin ang digital divide o ang malaking agwat sa pagitan ng mga may kakayahang magmayari at gumagit ng TIK at mga taong walang pagkakataon na mapagaralan at magamit ang mga ito. Karaniwang hindi kasama ang mga kababaihan sa paggamit ng teknolohiya, kabilang na ang mga tradisyonal na gamit pangkomunikasyon gaya ng radyo. Mahalagang kilalanin ang pangkasariang dimensyon ng digital divide at malunasan ito sa pamamagitan ng mga eksklusibong pagsasanay ng mga kababihang bihasa para sa kapwa nilang kababihang nais matuto at paglaanan ng karampatang pansin at pondo ang paggamit ng mga akmang teknolohiya. Kaakibat ng paggamit ng akmang teknolohiya ang pagtangkil sa free and open source software; ang pagsasaayos ng himpilan sa paraan na madali para sa mga kababihang gumagamit nito – isinasaalang-alang, halimbawa, na karaniwang mas mababa ang tindig ng kababaihan kaysa sa mga kalalakihan – upang tiyakin na ang himpilan ay maaring gamitin ng lahat ng tao, kabilang na ang may mga kapansanan. Kabilang din dito ang pagtitiyak na ang mga gamit sa mga pagsasanay ay maaring gamitin ng lahat; nakasalin sa mga lokal na wika; at naiintindihan lalo na ng mga taong hindi marunong bumasa at sumulat. Kailangan din na maghimok ng mga malalim na pagaaral sa radyo at suportahan ang mga inisyatibang tumutulong sa mga mahihirap at di nakapag-aral sa kanilang pangangailang pangkomunikasyon sa pamamagitan ng paglikha ng akma at abot-kayang teknolohiya.

Section VI

Pagpopondo at Kasanayan para sa Kababaihan sa Radyo

Ang pagsasanay ay isang pangunahing sangkap upang makamit ang pagkapantay-pantay ng mga kababaihan at kalalakihan. Ang pangangailang

ito ay hindi lamang limitado sa kababaihan sa mga himpilan ngunit maging sa mga kalalakihan. Ito ay upang ang lahat ng tao ay makapagtrabaho tungo sa kolektibong paglikha ng isang mapagkalinga at ligtas na kapaligiran kung saan lahat ay makakapaglaan ng kanilang kagalingan para sa ikauunlad ng himpilan. Maliban sa pagsasanay sa iba't ibang kaalaman sa radyo, kailangan din ng mga pagsasanay sa gender sensitivity para sa lahat ng kawani ng himpilan. Ito ay makakatulong sa pagkilala at pagbago ng patriyarkal na kaisipan at mapang-aping representasyon; at kalaunan, paglikha ng pantay-pantay na relasyon ng mga tao at patas at sensitibong pagbabalita.

Bagaman maraming himpilan ay naglalayon ng pagkapantay-pantay sa pagitan ng mga kababaihan at kalalakihan, bihira ang paglalaan ng pondo o pagsasanay para dito. Kailang maglaan ng pondo na magagamit sa pagsasanay ng kababaihan sa mga kaalamang teknikal, pamprograma at pangangasiwa; pagsasaayos ng himpilan upang tiyakin ang kaligtasan ng lahat (gaya ng ilaw, gamit pangseguridad, hiwalay na palikuran); at pagbibigay ng mga pagkakataon sa mga kababaihan na makipagugnayan, magbahagi at matuto sa mga kapwa nilang kababaihan galing sa ibang himpilan o organisasyon.

Maari ring makatulong ang pagtatalaga ng isang kawani para sa mga kababaihan at mga kababaihan sa advisory board o sa pangasiwaan. Ang mga ito ay makakatulong sa pagtukoy ng mga pangangailangan sa himpilan at pagpapatupad ng mga programang makakatulong sa pagkamit ng pagkapantay-pantay ng mga tao.

Ang dokumentong ito ay inisinalin sa 18 pang wika.



AMARC-WIN International, 705 Rue Bourget #100, Montreal, Quebec
CANADA, H4C 2M6, Tel: +1-514-982-0351, Fax: +1-514-849-7129
secretariat@si.amarc.org, <http://win.amarc.org/>

Ang nilalaman ng gender policy ay mula sa mga miyembro ng AMARC-WIN Asia Pacific. Ito ay inaprubahan ng AMARC-WIN International.

Komite sa Pagsulat: Geeta Malhotra, READ (India); Nimmi Chauhan, DRISHTI Media Collective (India); Sonia Randhawa, AMARC Asia Pacific Board (Australia); Tamara Aqrabawe, INTERNEWS (Afghanistan); and Bianca Miglioretto, Isis International (Philippines)

Ang Pagsalin mula English sa Tagalog ay ginawa ni Nina Somera, Isis International

Koordinasyon: Isis International, www.isiswomen.org

